


## ACTIVITY

### A. Iguhit at kulayan.

Pinarangalan ni Haring Xerxes si Mordecai sa kanyang pagligtas sa kanya mula sa kapahamakan. Ipinasuot sa kanya ang royal na damit ng hari, pinasakay sa kanyang kabayo upang iparada sa buong lungsod. Iguhit si Mordecai suot ang royal na damit ng hari habang nakasakay sa kabayo ng hari. Matapos ay kulayan ang larawan.



### B. Bilugan ang titik ng iyong sagot.

1. Bakit tumanging yumuko si Mordecai kay Haman?
  - a. Hindi niya gusto si Haman
  - b. Naniniwala siya na dapat lang yumuko sa Diyos
  - c. Siya ay abala
  - d. Gusto niyang maging hari
2. Ano ang binalak ni Haman na gawin kay Mordecai?
  - a. Gawing hari
  - b. Gantimpalaan siya
  - c. Ibitin siya sa patibungang ginawa
  - d. Ipadala siya sa ibang lungsod

3. Ano ang ginawa ni Mordecai nang marinig niya ang balak na patayin ang hari?
  - a. Pinabayaan niya ito
  - b. Sinabi niya kay Haman
  - c. Nagpadala siya ng mensahe kay Esther
  - d. Umalis siya sa lungsod
  
4. Ano ang ginawa ng hari para parangalan si Mordecai?
  - a. Binigyan siya ng ginto
  - b. Pinasakay siya sa kabayo ng hari at pinalibot sa lungsod
  - c. Inanyayahan siya sa isang pista
  - d. Ginawa siyang sundalo
  
5. Ano ang dapat mong gawin kung alam mong may isang tao na nasa panganib, katulad ng alam ni Mordecai na nasa panganib ang hari?
  - a. Bale-walain ito
  - b. Itago ang lihim
  - c. Sabihin sa isang mapagkakatiwalaang nakatatanda o awtoridad
  - d. Lokohin ang tao

Si Mordecai ay nagpakita ng malaking katapangan sa maraming pagkakataon: sa pagtanggap na yumukod kay Haman, ang paglalantad ng masamang plano laban sa hari, at sa paghimok kay Esther na lumapit sa hari at humingi ng tulong. Ang katapangan ay nangangahulugan ng pagtitiwala sa Diyos na tulungan tayong gawin ang tama, kahit na nakakaramdam ng takot. Si Mordecai ay hindi humingi ng pagkilala o gantimpala para sa kanyang mabubuting gawa, tulad noong iniligtas niya ang buhay ng hari. Siya ay mapagpakumbaba at matiyaga, nagtitiwala na ang paggawa ng tama ay sarili nitong gantimpala. Ang tunay na kabutihan ay nagmumula sa paggawa ng tama nang hindi umaasa ng papuri o gantimpala. Ang dapat na hangarin sa paggawa ng mabuti ay ang bigyang kasiyahan ang Diyos.



C. Basahin ang kwento at sagutin ang mga tanong.

Si Maya ay isang siyam na taong gulang na batang babae na mahilig tumulong, pero may lihim siyang dahilan kung bakit niya ito ginagawa—gusto niya ang papuri at gantimpalang natatanggap niya. Tuwing nililinis niya ang kanyang kwarto, binibigyan siya ng kanyang nanay ng paboritong pagkain. Kapag tinutulungan niya ang kanyang nakababatang kapatid sa paggawa ng takdang-aralin, pinapayagan siya ng kanyang tatay na magpuyat nang kaunti. Natutuwa si Maya sa tuwing sinasabihan siya ng kanyang mga magulang ng "Magaling, Maya!" at lalo na kapag binibigyan siya ng anumang bagay bilang gantimpala.

Isang araw sa paaralan, inihayag ng kanilang guro na magtutulungan ang klase para makalikom ng mga laruan at damit para sa mga batang nangangailangan. Ang estudyanteng makakapagdala ng pinakamaraming donasyon ay makakatanggap ng *special certificate* at maliit na premyo. Nagniningning ang mga mata ni Maya sa kaisipang makakakuha siya ng premyo, kaya't dali-dali siyang umuwi at nagsimulang mangolekta ng mga maibibigay. Kinausap niya ang kanyang mga magulang, kapitbahay, at maging ang kanyang mga lolo't lola para sa donasyon, habang iniisip ang *special certificate* na matatanggap niya sa harap ng buong klase.

Dumating ang araw na dapat dalhin ang mga donasyon sa paaralan, at si Maya ang may pinakamaraming dala. Ngumiti ang kanilang guro at iniabot sa kanya ang certificate. Nagpalakpakan ang klase, at labis na ipinagmamalaki ni Maya ang kanyang certificate.

Sa bandang hapon, nakipagkita si Maya sa kanyang kaibigang si Rachel, na nagdala rin ng mga laruan para sa koleksyon. Napansin ni Maya na masaya si Rachel at parang balewala sa kanya na hindi siya nanalo ng anumang premyo. Dahil sa pagtataka, tinanong ni Maya, "Hindi ka ba umaasang manalo ng premyo?"

Umiling si Rachel at nakangiting sumagot, "Hindi. Gusto ko lang talagang tumulong sa mga batang nangangailangan ng mga laruan. Palaging sinasabi ng nanay ko na kapag tumutulong tayo sa iba, ginagawa natin ang kalooban ng Diyos. At masaya na ako doon."

Napaisip si Maya sa sinabi ni Rachel. Naalala niya ang ikinuwento sa kanya ng kanyang nanay tungkol kay Mordecai sa Bibliya. Tumutulong si Mordecai hindi dahil gusto niya ng gantimpala, kundi dahil alam niyang ito ang tama at ayon sa kalooban ng Diyos. Nagtitiwala at mahal niya ang Diyos, at sapat na iyon para sa kanya.

Nang gabing iyon, habang inilalagay ni Maya ang kanyang *certificate* sa mesa, hindi niya matanggal sa isip ang mga sinabi ni Rachel at ang kuwento ni Mordecai. Napagtanto niya na bagamat masarap ang mapuri, ang pagtulong sa iba ay dapat manggaling sa puso, tulad ng kay Mordecai. Sa susunod na tutulong siya, gusto niyang gawin ito dahil tunay siyang nagmamalasakit at dahil mahal niya ang Diyos.

Kinabukasan, lumapit si Maya sa kanyang nanay at sinabi, "Nanay, gusto kong tumulong sa paghahanda ng hapunan ngayong gabi, pero hindi ko na kailangan ng paborito kong pagkain. Gusto ko lang talagang tumulong dahil ito ang tama."

Ngumiti ang kanyang nanay. "Napakaganda niyan, Maya. Ang pagtulong sa iba dahil mahal mo sila at dahil ikinatutuwa ito ng Diyos ang pinakamagandang dahilan."

Sa paglipas ng panahon, nagsimulang tumulong si Maya nang mas madalas, hindi para sa mga gantimpala o papuri, kundi dahil alam niyang ginagawa niya ang nais ng Diyos, at iyon ang pinakamagandang gantimpala sa lahat.

Mga tanong:

- Bakit gustong tumulong si Maya sa simula ng kuwento?  
\_\_\_\_\_
- Ano ang natutuhan ni Maya kay Rachel tungkol sa pagtulong sa iba?  
\_\_\_\_\_
- Bakit nagpasya si Maya na tumulong sa kanyang nanay sa paghahanda ng hapunan nang hindi humihingi ng gantimpala?  
\_\_\_\_\_
- Paano mo mapapraktis ang pagtulong sa iba tulad ng ginawa ni Maya sa dulo ng kuwento?  
\_\_\_\_\_
- Ano sa tingin mo ang nagpapasaya sa pagtulong sa iba kahit walang nakakakita o pumupuri sa iyo?  
\_\_\_\_\_

Natutunan ni Maya ang halaga ng pagpapakumbaba, nauunawaan na hindi niya kailangan ang papuri ng iba o gantimpalaan ang bawat mabuting bagay na kanyang ginagawa. Sa pamamagitan ng kanyang kaibigang si Rachel, naunawaan niya na ang pagtulong sa iba ay dapat gawin dahil sa kagandahang-loob at pagmamahal. Ang mga batang tulad natin ay dapat laging tandaan na ang paggawa ng mabuti ay dapat na bunga ng pagnanais na bigyan kasiyahan ang Diyos at magpakita ng pagmamahal sa Kanya at sa kapwa. Ang paggawa ng may pagpapakumbaba ay ang gawin ang tama nang tahimik at taos-puso.



#### D. Memory Verse

Sa halip, kapag nagbibigay ka ng limos, huwag mo nang ipaalam ito maging sa matalik mong kaibigan. Gawin mong lihim ang iyong pagbibigay ng limos at ang iyong Ama na nakakakita ng kabutihang ginagawa mo nang lihim ang siyang magbibigay ng gantimpala sa iyo. **Mateo 6:3-4**

